# Paniwalaan Mo O Hindi, Ito Ay Totoo

## TOTOO NA –

**Walang pinakamahalaga sa daigdig kundi and katigtasan ng iyong kaluluwa!**

"Sapagka't ano ang mapapakinabang ng tao, na makamtan ang buong sanlibutan, at mapapahamak ang kanyang buhay? Sapagka't ano ang ibibigay ng tao na katumbas ng kanyang buhay?" (Marcos 8:36-37).

**Wala sa iyong mga nagawa o magagawa ang makapagliligtas sa inyong kaluluwa!**

"Sapagka't sa biyaya kayo nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa iyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmapuri" (Efeso 2:8-9).

**Sa iyong mga kasalanan ay pinapagbayad ng Diyos ang anak Niyang walang sala upang maligtas ang iyong kaluluwa!**

"Yaong hindi nakakakilala ng kasalanan ay kaniyang inaring may sala dahil sa atin;

upang tayo sa kanya'y maging katwiran ng Diyos" (2 Corinto 5:21).

"Na Siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa Kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay kayo sa katwiran; na dahil sa Kanyang mga sugat ay nangagsigaling kayo" (1 Pedro 2:24).

**Iniaalok sa iyo ng Diyos ang walang bayad at walang hanggang kaligtasan!**

"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapwa't ang kaloob na walang bayad ng Diyos ay buhay na walang hanggan kay Kristo Hesus na Panginoon natin" (Roma 6:23).

**Kung hindi ka mananalig sa Panginoong Hesukristo bilang iyong tagapagligtas ay nagkakasala ka ng mabigat ayon sa Bibliya!**

"Ang sumasampalataya sa Kaniya ay hindi hinahatulan; ang hindi sumampalataya ay hinatulan na sapagka't hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Diyos" (Juan 3:18).

**Pagsisisihan mo nang walang hanggan ang iyong pagkakamali kung hindi ka maliligtas!**

"At kayong mga pinighati ay binigyang kasama namin ng kapahingahan sa pagpapakahayag ng Panginoong Hesus mula sa langit na kasama ang mga anghel ng Kaniyang kapangyarihan na nasa nagniningas na apoy, na maghihiganti sa hindi nagsisikilala sa Diyos, at sa kanilang hindi nagsisitalima sa ebanghelio ng ating Panginoong Hesus: na siyang tatanggap ng kaparusahan, na walang hanggang kapahamakang mula sa harapan ng Panginoon at mula sa kaluwalhatian ng Kaniyang kapangyarihan" (2 Tesalonica 1:7-9).

**Ikaw ay magiging isang bagong nilalang, isang anak ng Diyos, kung tatanggapin mo sa iyong puso ang Panginoong Hesus bilang iyong tagapagligtas!**

"Datapwa't ang lahat ng sa Kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatang maging mga anak ng Diyos, samakatuwid baga'y ang mga nagsisampalataya sa Kaniyang pangalan" (Juan 1:12);

"Kaya't kung ang sinuman ay na kay Kristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago" (2 Corinto 5: 17).

## MATAPOS NA TANGGAPIN MO ANG KALIGTASAN –

**magkakaroon ka ng pagnanais na matutunan ang Salita ng Diyos, pasasalamatan at pupurihin mo ang Panginoong Hesukristo**

**dahil sa pag-aalay Niya ng Kaniyang buhay sa krus bilang kabayaran ng iyong mga kasalanan.**

"Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking tinig, at sila'y Aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa Akin. At sila'y binibigyan Ko ng walang hanggang buhay; at kailanma'y hindi sila malilipol, at hindi sila aagawin ng sinuman sa Aking mga kamay" (Juan 10:27-28).

"Sapagka't ang salita ng krus ay kamangmangan sa kanila na nangangapahamak; ngunit ito'y kapangyarihan ng Diyos sa atin na nangaliligtas" (1 Corinto 1:18).

## Panalangin ng Pagsisisi:

*Amang Banal, ako po ay lumalapit ng may pagpapakumbaba sa Inyong harapan at humihingi ng kapatawaran sa aking mga kasalanan. Tinatanggap ko po si Kristo Hesus sa aking buhav upang Siya na ang manguna at mag may-ari nito sapagkat sa Kanya lamang may buhay na walang hanggan.*

*Marami pong salamat. Ito po ang aking panalangin sa pangalan ni Hesus. Amen.*

Tagalog-2 "Believe It Or Not – It's True!"

**Grace & Truth** • 210 Chestnut Street, Danville, IL 61832
Email: tracts@gtpress.org / Web: www.gtpress.org
PRINTED IN USA